



Social Security

Paano Naaapektohan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisyo

2017

www.socialsecurity.gov

Paano Naaapektohan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisyo

Habang ikaw ay nagtrabaho ay makakakuha ka pa rin ng mga benepisyo ng Social Security sa pagreretiro o mga benepisyo para sa mga nabiyudo/nabiyuda at na-ulila. Ngunit kung ikaw ay mas bata kaysa sa edad ng buong pagreretiro at kumikita ka nang mas malaki kaysa sa ilang mga takdang halaga, ang iyong mga benepisyo ay mababawasan. Ngunit mahalagang tandaan na kahit na may pagbabawas sa benepisyo, ang mga ito ay hindi talaga nawawala. Ang iyong benepisyo ay tataas sa iyong edad ng buong pagreretiro upang makuha ang mga benepisyong na-withhold dahil sa mga kinita dati. (Ang mga asawa o mga nabiyudo/nabiyuda na tumatanggap ng mga benepisyo dahil sila ay may menor-de-edad o may kapansanan na mga anak sa kanilang pangangalaga ay hindi tatanggap ng mas maraming benepisyo sa kanilang edad ng buong pagreretiro kung ang kanilang mga benepisyo ay na-withhold dahil sa trabaho.)

PAUNAWA: *Ibang mga alituntunin ang umaaplay kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security para sa kapansanan o mga pagbabayad ng Supplemental Security Income. Kung gayon ay dapat mong iulat sa Social Security ang lahat ng mga kinikita. At ibang mga alituntuning umaaplay kung ikaw ay nagtrabaho sa labas ng Estados Unidos. Kontakin kami kung ikaw ay nagtrabaho (o nagpaplanong magtrabaho) sa labas ng bansa.*

Magkano ang maaari mong kitain at makakuha pa rin ng mga benepisyo?

Kung kayo ay ipinanganak noong Enero 2, 1955 hanggang Enero 1, 1956, sa gayon ang inyong ganap na edad para sa pagreretiro para sa mga benepisyo ng insurance sa pagreretiro ay 66 at 2 buwan. Kung kayo ay nagtatrabaho, at mayroon nang ganap na edad para sa pagreretiro o mas matanda pa, maaari ninyong itabi ang lahat ng inyong mga benepisyo, anumang ang halaga ng inyong kinikita. Kung kayo ay mas bata kaysa sa ganap na edad para sa pagreretiro, mayroong limitasyon kung magkano ang maaari ninyong kitain at makakatanggap pa rin ng kumpletong benepisyo mula sa Social Security. Kung kayo ay mas bata sa ganap na edad para sa pagreretiro sa buong taon ng 2017, kailangan naming magbawas ng \$1 mula sa inyong mga benepisyo para sa bawat \$2 na kinikita ninyo na higit sa \$16,920.

Kung kayo ay umabot na sa ganap na edad para sa pagreretiro sa taong 2017, kailangan naming bawasan ng \$1 ang inyong mga benepisyo sa bawat \$3 na kinikita ninyo na higit sa \$44,880 hanggang sa buwan na umabot na kayo sa ganap na edad para sa pagreretiro.

Ipinapakita ng mga halimbawang ito kung paano ka maaapektohan ng

mga alituntunin:

Sabihin na natin na kayo ay nag-file para sa mga benepisyong mula sa Social Security sa edad na 62 taong gulang sa Enero 2017 at ang inyong bayad ay \$600 kada buwan (\$7,200 para sa taon). Sa taong 2017, plano ninyong magtrabaho at kumita ng \$22,000 (\$5,080 higit sa \$16,920 na limitasyon). Nais naming hawakan muna ang \$2,540 mula sa inyong mga benepisyong mula sa Social Security (\$1 para sa bawat \$2 na kinikita ninyo na higit sa limitasyon). Para magawa ito, nais naming hawakan muna ang lahat ng mga bayad sa benepisyong mula Enero 2017 hanggang Mayo 2017. Simula Hunyo 2017, kayo ay makakatanggap ng \$600 benepisyong at ang halagang ito ay ibabayad sa inyo kada buwan para sa natitirang bahagi ng buwan. Sa taong 2018, babayaran lang namin kayo ng karagdagang \$460 na aming kinaltas noong Mayo 2017.

O, sabihin na natin na hindi pa kayo umaabot sa ganap na edad para sa pagreretiro sa umpisang taon, ngunit aabot dito sa Nobyembre 2017. Kayo ay kumita ng \$45,900 sa loob ng 10 buwan mula Enero hanggang Oktubre. Sa panahong ito, nais naming hawakan muna ang \$340 (\$1 sa bawat \$3 na kinita ninyo na higit sa \$44,880 na limitasyon). Para magawa ito, namin naming hawakan muna ang inyong unang tseke sa taon. Simula Pebrero 2017, kayo ay makakatanggap ng \$600 benepisyong at ang halagang ito ay ibabayad sa inyo kada buwan para sa natitirang bahagi ng buwan. Sa taong 2018, babayaran namin sa inyo ang natitirang \$260 na aming hinawakan noong Enero 2017.

Ang iyong mga kinikita at ang iyong mga benepisyo – magkano ang makukuha mo?

Bibigyan ka ng sumusunod na talangguhit ng ideya kung magkano ang matatanggap mong mga benepisyo sa Social Security para sa 2017, batay sa iyong mga buwanang benepisyo at tinantiyang kikitain.

Para sa mga táong mas bata sa edad ng buong pagreretiro sa buong taon

<i>Kung ang iyong buwanang benepisyo sa Social Security ay</i>	<i>At ang kita mo ay</i>	<i>Tatanggap ka ng mga taunang benepisyo na</i>
\$700	\$16,920 o mas mababa	\$8,400
\$700	\$18,000	\$7,860
\$700	\$20,000	\$6,860
\$900	\$16,920 o mas mababa	\$10,800
\$900	\$18,000	\$10,260
\$900	\$20,000	\$9,260
\$1,100	\$16,920 o mas mababa	\$13,200
\$1,100	\$18,000	\$12,660
\$1,100	\$20,000	\$11,660

Anong kita ang sinasama...at kailan namin ito sinasama?

Kung nagtrabaho ka para sa ibang tao, ang sinasahod mo lamang ang isasama sa pagkuwenta ng mga limit ng Social Security sa kita. Kung ikaw ay nasa sariling empleyo, isasama lamang namin ang iyong mga netong kita mula sa sariling empleyo. Hindi namin binibilang ang kinikita tulad ng ibang mga benepisyo sa gobyerno, mga kinikita sa puhunan, interes, mga pensyon, mga kinikita sa taon (annuities), at mga kapital na natamo (capital gains). Gayunpaman, hindi namin binibilang ang kontribusyon ng isang empleyado sa isang pensyon o plano sa pagreretiro kung ang halaga ng kontribusyon ay kasama sa kabuuang sahod ng empleyado.

Kung sumasahod ka, ang kita ay isasama kapag ito ay kinita, hindi kapag ito'y binayaran. Kung mayroon kang kita na kinita mo sa isang taon, ngunit ang bayad ay ibinigay sa susunod na taon, hindi ito dapat isama bilang mga kita para sa taong natanggap mo ito. Ang ilang mga halimbawa ay ang naipong sick pay (bayad habang may sakit) o bayad sa bakasyon at mga bonus.

Kung ikaw ay nasa sariling empleyo, ang kita ay isinasama kapag natanggap mo ito—hindi kapag kinita mo ito—maliban kung binayaran ito sa taon pagkatapos mo naging karapat-dapat sa Social Security at kinita mo ito bago ka naging karapat-dapat.

Natatanging alituntunin para sa unang taong nagretiro ka

Minsan, ang mga taong nagreretiro sa kalagitnaan ng taon ay kumita na ng higit sa taunang limitasyon sa kinita. Ito ang dahilan kung bakit may espesyal na tununin na ipinapataw sa mga kinita para sa isang taon, karaniwang sa unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng tuntuning ito, maaari kayong makatanggap ng kumpletong tseke mula sa Social Security para alinmang buong buwan na kayo ay nagretiro, anuman ang inyong taunang kinita.

Sa taong 2017, ang mas nakababatang tao kaysa sa nasabing edad para sa pagreretiro para sa buong taon ay ikokonsiderang retired na kung ang buwanang kita ay \$1,410 o mas mababa.

Halimbawa, si John Smith ay nag-retire sa edad na 62 noong Oktubre 30, 2017. Siya ay kikita ng \$45,000 hanggang Oktubre. Siya ay may part-time na trabaho simula sa Nobyembre na kumikita ng \$500 kada buwan. Kahit na ang kaniyang mga kinita para sa taon ay lubos na humigit sa taunang limitasyon sa taong 2017 (\$16,920), siya ay makakatanggap ng bayad mula sa Social Security para sa mga buwan ng Nobyembre at Disyembre. Ito ay dahil ang kaniyang mga knita sa mga buwan na iyon ay \$1,410 o mas kaunti, ang buwanang limitasyon para sa mga taong mas bata kaysa sa ganap na edad ng pagreretiro. Kung si G. Smith ay kumikita ng higit sa \$1,410 sa alinman sa buwan ng Nobyembre o Disyembre, hindi siya makakatanggap ng benepisyo sa nasabing buwan an iyon. Simula sa taong 2017, ang taunang limitasyon lang ang ipapataw sa kaniya.

At, kung kayo ay may sariling trabaho, aming ikokonsidera kung gaano kayo nagtatrabaho sa negosyo upang mapagpasyahan kung kayo ay retired na. Ang isang paraan ay ang pagtitingin sa dami ng panahon na inilalaan ninyo sa trabaho.

Karaniwan, kung kayo ay nagtatrabaho ng higit sa 45 oras sa isang buwan sa sariling hanap-buhay ninyo, kung hindi kayo retirado; kung kayo ay nagtatrabaho ng mas kaunti sa 15 oras sa isang buwan, kayo ay retired na. Kung kayo ay nagtatrabaho sa pagitan ng 15 at 45 oras sa isang buwan, hindi kayo makokonsidera na retired kung ito ay isang trabahong kinakailangan ng kakayahan, o kung kayo ay namamahala sa isang lubos na malaki-laking negosyo.

Dapat mo bang iulat ang mga pagbabago sa inyong mga kita?

Dapat namin ayusin ang halaga ng inyong mga benepisyo sa Social Security sa taong 2017 batay sa inyong sinabi sa amin. Kung sa palagay ninyo, ang inyong mga kinita sa taong 2017 ay iba mula una ninyong sinabi sa amin, sabihin ito kaagad sa amin.

Kung may iba pang mga miyembro ng pamilya ang nakakatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, ang inyong mga kinita mula sa trabaho ninyo makalipas kayong makatanggap ng mga benepisyo sa pagreretiro ay makakapagpabawas rin sa kanilang mga benepisyo. Kung ang inyong asawa o mga anak ay nakakatanggap ng mga benepisyo bilang mga miyembro ng pamilya, gayunman, ang mga kinita mula sa kanilang sariling trabaho ay makakaapekto lang sa kanilang sariling mga benepisyo.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pag-uunawa ng inyong mga kinita, makipag-ugnayan sa amin. Kapag tumawag kayo, ihanda na ang inyong numero sa Social Security.

Makakatanggap ka ba ng mas mataaas na buwanang benepisyo sa darating na panahon kung ang iyong mga benepisyo ay na-withhold dahil sa trabaho?

Oo. Kung ang ilan sa inyong mga benepisyo sa pagreretiro ay hinawakan muna dahil sa inyong mga kinita, ang inyong buwanang benepisyo ay tataas simula sa inyong pag-abot sa ganap na edad para sa pagreretiro para maisama iyong mga buwan kung kailan hinawakan muna ang mga benepisyo.

Bilang halimbawa, sabihin na natin na nag-aangkin kayo ng mga benepisyo sa pagreretiro sa sandaling umabot sa edad na 62 sa taong 2017, at ang inyong bayad ay \$964 kada buwan. Tapos, kapag bumalik na kayo sa trabaho at may 12 buwan na mga hinawakan munang benepisyo.

Muli naming kukuwentahin ang inyong benepisyo sa inyong pagsapit sa ganap na edad sa pagreretiro na 66 at 2 buwan at babayaran kayo ng 1029 kada buwan (sa dolyar ngayon). O, kung kayo ay kumikita ng malaki sa pagitan ng mga edad na 62 at 66 at 2 buwan na ang lahat ng mga benepisyo sa mga taong iyon ay hinahawakan muna. Sa ganoon, babayaran namin kayo ng \$1,300 kada buwan simula sa edad na 66 taong gulang at 2 buwan.

Mayroon pa bang ibang mga paraan kung paano maitataas ng trabaho ang iyong mga benepisyo?

Oo. Taon-taon ay nirerepaso namin ang mga rekord para sa lahat ng mga tumatanggap ng Social Security na nagtatrabaho. Kung ang inyong huling taon ng mga kita ay lumabas na isa sa mga pinakamataas sa loob ng mga taon, aming muling kukuwentahin ang inyong kita at babayaran kayo ng anumang pagtataas na kailangan. Ito ay isang

awtomatikong proseso, at ang mga benepisyo ay binabayaran sa Disyembre ng sumusunod na taon. Halimbawa, sa Disyembre 2017, dapat kayong makakuha ng isang pagtaas para sa inyong mga kinita sa 2016 kung ang mga kinitang iyon ay nagpataas sa inyong benepisyo. Ang pagtaas ay retroactive hanggang Enero 2017.

Pakikipag-ugnay sa Social Security

Bisitahin ang www.socialsecurity.gov sa anumang oras upang mag-apply para sa mga benepisyo, magbukas ng **my Social Security** na account, humanap ng **mga pahayagan**, at alamin ang sagot sa **mga madalas na katanungan**. O kaya'y, tawagan ninyo kami ng walang bayad sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o mahina ang pandinig, tawagan ang aming TTY na numerong **1-800-325-0778**). Kami ay nagbibigay ng **libreng serbisyo ng pagsalin** sa wika para matulungan kayong pangasiwaan ang inyong mga transaksyong pang-Social Security. Ang mga pagsalin na serbisyong ito ay makakamtan ninyo sa telepono man o sa loob the opisina ng Social Security. Kami ay makapagsasagot ng partikular na mga tanong mula sa 7 ng umaga hanggang 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Karaniwan, mas maikli ang oras ng inyong paghihintay kapag tatawag kayo pagkatapos ng Martes. Tinuturing namin na kumpidensyal ang lahat ng mga tawag. Gusto rin naming siguradohing kayo ay tatanggap ng wasto at magalang na serbisyo, kaya may ikalawang kinatawan ng Social Security ang magmo-monitor ng ilang tawag sa telepono. Kami ay makapagbibigay ng pangkalahatang impormasyon gamit ng automated phone service 24 oras bawat araw. At, tandaan ninyo, ang aming website, www.socialsecurity.gov, ay magagamit ninyo kailan man at saan man!



Social Security Administration

SSA Publication No. 05-10069-TL

How Work Affects Your Benefits (Tagalog)

January 2017

*Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at
paglathala nito*